


MGA HEBREO,

IKALAWANG KABANATA ²

 Pumaroon muna, at pinag-aralan ang Mga Kasulatan, nang sa gayon ay maihambing niya ito at makita kung ito nga ang Katotohanan o hindi. Nakumpirma niya ito, ang Katotohanan, sa pamamagitan ng Lumang Tipan. Ngayon, si Pablo ay isang mag-aaral ng Lumang Tipan. Ilan po rito ang nakakaalam nun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naturuan siya sa gabay ng isa sa pinakamagaling na tagapag-aral ng kanyang panahon, si Gamaliel, isang nakapakahusay na tagapag-aral. At may kaalaman si Pablo sa Lumang Tipan. At sa palagay ko noong unang beses siyang maliglig, gaya nga ng nabanggit ko kaninang umaga, noong masaksihan niyang pinatay si Esteban. May bagay na marahil ay nakapagpabagabag kay Pablo, dahil sa lahat ng kanyang mga sulat ay lagi niya itong nababanggit, “Hindi ako karapat-dapat, sapagkat pinag-usig ko ang Iglesya hanggang kamatayan. Ako ang pinakamababa sa kanila.”

⁹⁵ Oh, subalit may ibang kaisipan ang Diyos sa bagay na ito. Isa siya sa mga pinakadakalang tao ng panahong iyon.

Masdan si San Pablo, ang dakilang apostol
Sa kanyang balabal na matingkad at maringal,
(ang sabi ng makata)
Oh, tiyak mangyayari ang ilang pagbubunyi
Kapag nagtagpo na tayo sa kabilang Ibayo.

Sa dakilang Araw na iyon kapag nakita kong tumanggap na siya ng putong ng isang martir, gantimpala ng isang martir!

⁹⁶ Tumayo ako noon sa tabi ng munting lumang kulungan, sa dakong iyon hindi pa ganoong katagalan, kung saan isinulat niya ang mga Sulat na ito. At pagkatapos ay pinugutan na nila siya ng ulo. At inihagis siya roon sa bambang, para anurin sa bambang. At ang munting Hudyong ito sa dakong iyon, sabi niya, “Dala kong nakalimbag sa aking katawan ang mga tanda ni Jesus Cristo. Nakipagbaka ako sa Efeso laban sa mga ganid, subalit nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka. Natapos ko na ang aking takbo. Iningatan ko ang Pananampalataya. At buhat ngayon, ay natataan sa akin ang putong ng matuwid, na ibibigay ng Panginoon, ang tapat na Hukom, sa akin sa Araw na yaon. At hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita.” Gustong-gusto ko talaga iyon! Oh, nais kong mapabilang sa mga iyon! Inaawit nga lagi natin noong araw ang isang awitin:

Oh, nais mo bang mapabilang na isa sa
Kanyang kawan?
Nais mo bang mapabilang na isa sa Kanyang
kawan?
Maging malinis ang kalooban, magmatyag at
asahan ang tanawing iyon na masisilayan;
Siya'y darating na naman.

97 Nais kong mapabilang sa kanila. Ngayon nagpatuloy ang manunulat, at ang sabi:

Kaya't nararapat nating...pagkatantuin ang mga bagay na ating narinig, baka sakaling tayo'y makahagpos.

98 Gaya nga nang naituro na natin, kaninang umaga, sinasabi ng ika-2 kabanata, "Kung..."

Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel...

99 Ano ba ang pagkakakilala natin kung ano nga ba ang mga anghel? Mga propeta. "Ang Diyos ay nangusap sa iba't ibang panahon..." Ngayon, kinakailangan ninyong gumawa, hindi sa sarili nating kaisipan, kundi sa Biblia. Ngayon sa unang kabanata, ng... unang kabanata, sa unang talata.

Ang Dios, na nagsalita...sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon...sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,

100 Ngayon tumugaygay siya rito, at muling nagsabi.

Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay,...

At ano ba ang ibig sabihin ng anghel? "Mensahero." Kung nagpahid nga ang Diyos ng mensahero... At kung magkagayon kung napahiran tayo, tayo ay mga mensahero ng Diyos. Mga mensahero tayo sa sanlibutan, sinugo ng Langit, ipinahahayag nating mga manlalakbay tayo at mga taga-ibang bayan. Hindi tayo taga-sanlibutang ito. Kundi atin ngang hinahanap ang isang Bayan na darating, na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Hindi tayo nag-iipon ng mga kayamanan sa lupang ito, kung saan nakakapasok ang mga magnanakaw, at ang mga buklok, kalawang, at maninira. Dahil, ang mga kayamanan natin ay nasa Langit, kung saan nakaluklok si Jesus sa kanan ng Karangalan. Oh, napakamaluwalhati at kahanga-hangang bagay, ang malamang.

Nakatayo ang ating pag-asa sa wala nang
hihigit pa
Kundi sa katuwiran ni Jesucristo at mayaman
Niyang Dugo;

Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay
humantong na sa pagkabulid,
Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa
magpakailanman.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho.
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho.

¹⁰¹ Akmang-akma talagang isinulat ni Eddie Pruitt ang awit na
'yan, sa mga panahon ng pag-uusig!

Ngayon, *kung ang ipinangusap na salita sa
pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay, . . .* (Noong
ipangusap ng mensahero ng Diyos ang Salita, tumayo
Iyon.) . . . at ang bawat kabayaran ay *tumanggap ng
matuwid na parusa na kabayaran;*

*Paanong makatatanan tayo ngayon, kung hindi natin
pakikinggan si Cristo, Na nangungusap buhat sa
Langit?*

Ngayon masdan n'yo.

*Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaang
ganitong dakilang kaligtasan; . . .* (Isipin n'yo 'yun.) . . .
na sinimulang ipinangusap ng Panginoon noong una,

¹⁰² Sinimulan na nga ni Cristo ang Kanyang gawain. Ano
ang ginawa Niya? Nasaksihan nga natin Siya kung papaanong
Siya'y . . . may kababaang loob, maamo, kung papaanong hindi
Siya isang tanyag at kinikilalang tao gaya ng isang teologo.
Kundi Siya ay mapagpakumbaba, maamo, maginoo. Hindi Siya
malakas mangaral. Hindi rinig ang Tinig Niya sa lansangan.

Subalit si Juan ay humayong gaya ng isang umuungal na
leon. Isa nga siyang mangangaral.

¹⁰³ Dumating si Jesus, hindi gaya ng isang umuungal na leon,
subalit ang Diyos ay gumagawa sa Kanya, pinapatotohanan
ang Salita. Ang Diyos ay nakay Cristo. Sinabi nga ni Pedro,
noong Araw ng Pentecostes, "Kayong mga lalaking taga-Israel,
at kayong nananahan sa Judea . . . si Jesus na taga-Nazaret,
Lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo, sa pamamagitan ng mga
tanda at kababalaghan at mga gawang makapangyarihan, na
ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya, sa gitna ninyong lahat,
kaya naman kayong lahat ay mga saksi." Masdan n'yo kung
papaanong idiniin niya ito sa kanila. "Dapat nga sana'y nakilala
n'yo Siya."

¹⁰⁴ Sabi ni Jesus, "Kayong mga mapagpaimbabaw." Sabi,
"Lumalabas kayo at tinitingnan ang araw, at kung . . . mapula
at makulimlim iyon, sasabihin n'yo, 'Magiging masama ang
panahon.' At kung maaliwalas at maaraw naman, o kung ano

pa, sasabihin n'yo, 'Bubuti ang panahon.'" Sabi, "Marurunong kayong magsikilala ng langit, pero ang mga tanda ng panahon, ay hindi ninyo makilala. Sapagkat kung nakilala sana ninyo Ako, ay nakilala sana ninyo ang Aking panahon."

¹⁰⁵ Oh, ganoon nga ang isisigaw Niya ngayong gabi. Nariyan sumisigaw ang Kanyang Espiritu sa pamamagitan ng Kanyang mga mangangaral, "Malapit na ang oras!"

Mapagmatyag tayo kung tutuusin. Binabantayan natin ang mga bomba atomika. Alam natin kung sino na ang papalit kay Clark Gable, at kung sino ang gagawa *nito*, *niyon*, o ng *iba pa*; o kung sino ang magiging pangalawang pangulo. Nakatuon ang pansin natin sa mga ganyan, ngunit hindi natin makila-kilala ang mga tanda ng panahon. Nasa wakas na tayo.

¹⁰⁶ Ano bang meron? Nakatuon kasi ang pansin natin sa, "Ano na kayang susunod na palabas sa telebisyon? Ano na kayang gagawin ni Susie?" o kung anuman ang pangalan ng babaing iyon. "At kung saan kaya papunta si Arthur Godfrey? Ano na naman kayang katawa-tawa ang sasabihin niya sa susunod?" Tayo, bilang Cristiano, pinupuno natin ang pag-iisip natin ng mga bagay na gaya nun na wala namang kakuwenta-kuwenta, gayong naroon dapat tayo at nananalangin sa isang dako, at nag-aaral ng Biblia, nang sa gayon ay malaman ang mga tanda ng panahong kinabubuhayan natin.

¹⁰⁷ Ang dahilan, kung bakit ganyan tayo ngayon, ay mga mahihinang pulpito, tama 'yun, mga pulpitong hindi kayang ipangaral at dalhin ang Katotohanang naroon sa Ebanghelyo. Siguradong pananagutan natin 'yan sa mga araw na darating. Hindi natin dapat pinababayaan ang anuman. At ang mga tao, tayong naririto ngayon sa Branham Tabernacle, kitang-kita na natin ang mga tanda at kababalaghan, at ang kapangyarihan ng Cristong nabuhay na mag-uli; at pagkatapos sinasadya pa nating sayangin ang ating—ating panahon sa ibang mga bagay, at pababayaan ang pakikinig sa Tinig ng Panginoong Jesus, "Papaano tayo makatatanan, kung pababayaan natin ang gayong dakilang kaligtasan?"

¹⁰⁸ Sa ika-3 talata, o sa ika-4 na talata. Dito tayo nagtapos, sa ika-4 na talata, kaninang umaga.

Na pawang sinasaksihan naman ng Dios na kasama nila, . . . (Oh, naku!)

Na pawang sinasaksihan . . . ng Dios na kasama nila, . . .

Pakinggan n'yong maigi ang Salita.

. . . sa pamamagitan ng mga tanda . . . mga kababalaghan, at ng saganang kapangyarihan, . . .

Ano ang saganang kapangyarihan? Anong ibig sabihin ng *sagana*? Kapag sinabing *sagana* "marami." "Sa pamamagitan

ng *maraming* kapangyarihan, nagpatotoo ang Diyos.” O Diyos! Nananampalataya akong tatagos Ito sa kaibuturan ng inyong mga puso. Pakinggan n’yong maigi.

¹⁰⁹ Isa po ako sa inyong mga pastor dito, kasama ni Kapatid na Neville. Nais kong idiin Ito sa inyo. Sinabi ng Biblia, “Kung may isang bumangon sa gitna ninyo, at sinasabi niyang *ganito-at-ganoon*, at hindi naman ito mangyari, huwag ninyo itong pakikiddingan, sapagkat hindi Ako nagsalita. Subalit kung nagsasalita siya sa Aking Pangalan, at ang sinabi niya ay mangyari, kung gayo’y pakinggan ninyo Ito.” Amen. “Sapagkat ako ay sumasa propetang iyon, o mangangaral na iyon, ano pa man siya. Kung ang sinasabi niya ay mangyari, kung gayo’y pakinggan ninyo siya.”

¹¹⁰ Ngayon, mga kaibigan, pakinggan natin Siya, ang Espiritu Santo na nangungusap sa gitna natin, na nagpapakita ng iba’t ibang mga himala, at mga tanda, at mga kababalaghan. Huwag nating daan-daanan lang Ito na para bang pangkaraniwan lang na mga kaganapan ito. Pagkaalalahanin natin na Ito’y si Jesus Cristo, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; na pinatutunayan ang Kanyang Salita. Kailangan na talaga nating gawin ito. Oh, gawin na n’yo ito kung maaari. Pakinggan n’yo itong maigi. Ang lahat ng iba pang bagay ay gawin n’yo lang na pangalawa, maging ang bagay na ’yan ay ang inyong tahanan, ang asawa n’yo, ang maybahay n’yo, ang mga anak n’yo. Ano pa man ’yan, gawin n’yo lang na pangalawa. Ilagay n’yo ang Diyos sa una. Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, una pa sa mga anak ko?” Una pa sa anuman. Ilagay n’yo ang Diyos sa una. Siya dapat ang mauna.

¹¹¹ Bumaba si Elias mula sa bundok, isang araw. Isa siyang anghel, isang mensahero, mensahero ng Diyos, pinahiran. At nasumpungan niya ang isang babaing balo na namumulot ng dalawang patpat. Sabi niya, “Yumaon ka, ipagluto mo ako ng isang munting tinapay, at dalhan mo ako ng kaunting tubig.”

¹¹² At sabi nung babae, “Saksi ang iyong kaluluwa, mayroon na lamang akong sapat na tinapay, o sapat na masa ng trigo, para makagawa ng isang maliit na tinapay. At may sapat na lang akong langis na mailalagay, at maihahalo rito, at gawing mantika. At heto nga’t namumulot ako ng dalawang patpat.” Makalumang pamamaraan ’yun, pamamaraan ng mga Indian, ’yung pagkukrus ng patpat at aapuyan iyon mula sa gitna, at gagapang na ’yung apoy dun. Nakagawa na ako ng maraming camp fire sa ganoong paraan. Sabi, “At iluluto ko ang munting tinapay na ’yun para sa akin at sa anak ko, ang aking supling. At kakainin namin iyon at mamamatay na.” Napakahaba na ng tagtuyot na umabot na ng tatlong taon at anim na buwan, walang tubig kahit saan.

113 Ang mahigpit, na matandang propeta roon, ay tumingin sa mukha ng babae. Sabi niya, “Yumaon ka, ipagluto mo muna ako ng tinapay.” Grabeng utos ’yun, para sa isang lalaki na sabihan ang isang babaing balo, na mamamatay na sa gutom, na pakainin daw muna siya. Ano nga ba ang kanyang sinabi? “Sapagkat GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang gusi ay hindi mawawalan, ni matutuyo man ang banga, hanggang sa magpaulan ang Diyos sa ibabaw ng lupa.”

Unahin, ang Diyos. Pumasok na siya at iniluto ang munting tinapay na iyon, at bumalik upang ibigay iyon sa propeta. Pumasok siyang muli at nagluto ng panibago, at isa pa, at isa pa, at isa pa. At hindi naubusan ang gusi, o natuyo ang banga, hanggang sa magpaulan ang Diyos sa ibabaw ng lupa. Inuna niya ang Diyos bago ang kanyang mga anak. Inuna niya ang Diyos bago ang anupamang bagay. Inuna niya ang Kaharian ng Diyos, muna.

114 Ang Diyos ang dapat na mauna sa inyong puso, mauna sa inyong buhay, mauna sa lahat ng ginagawa n’yo o maging sa sarili n’yo mismo. Dapat na mauna ang Diyos. Ayaw Niyang pumangalawa lang. Hindi nararapat sa Kanyang pumangalawa lang. Ang pinakamainam ang nararapat sa Kanya, at yaong pinakauna, at yaong lahat ng taglay natin. Iyon dapat ang maibigay sa Kanya. Purihin ang banal Niyang Pangalan!

Sapagkat pawang sinasaksihan naman ng Dios . . . na kasama nila, pinapatotohanan niya, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, . . . ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban?

115 Hindi kung ano ang sinasabi ng mga tao, o kung ano ang sinasabi ng iglesya, bagkus kung ano ang kalooban ng Diyos. Oh, kailangan nating saliksikin ang kalooban ng Diyos, hindi ang ikabubuti ng kapitbahay n’yo, hindi ang ikabubuti ng mga anak n’yo, hindi ang ikabubuti ng asawa mong lalaki o ng asawa mong babae. Bagkus, saliksikin n’yo ang kalooban ng Diyos, at unahin n’yong gawin iyon. Nang sa gayon ang lahat na ng iba pa, ang gusto ng maybahay mo at ang gusto ng mga anak n’yo, ang sumunod pagkatapos nun. Subalit, unahin n’yo muna ang Diyos.

116 Masdan n’yong maigi, ngayon.

Sapagka’t hindi niya ipinasakop sa mga anghel ang sanglibutang darating, na siya naming isinasaysay.

117 Bagkus, yaong mga dakilang Anghel na naglilingkod sa Kalangitan, sina Gabriel, Miguel, Wormwood, at yaong makasampung-libong sampung-libong Mga Anghel ng Langit; o yaong makasampung-daang mga propetang minsang naparito sa lupa, bawat isa sa kanila; hindi Niya binigyan ang sinuman sa kanila ng kapamahalaan sa sanlibutang darating, na ating isinasaysay. Wala ni isa! Hindi Niya kailanman sinabi, “Isaias,

pamamahalaan mo ang mundo.” Hindi Niya inilagay ang sanlibutan sa kapamahalaan ni Elias. Hindi rin Niya iyon inatang kay Gabriel, o sa alinmang anghel, alinmang lingkod na espiritu.

¹¹⁸ Masdan n’yo kung ano ang kanyang sinabi, heto si Pablo, kanyang niluluwalhati pa rin si Cristo, na siyang isinasaysay natin.

Nguni’t pinatunayan ng isa sa isang dako, na sinasabi, Ano ang tao, upang siya’y iyong alalahanin? O ang anak ng tao, upang siya’y iyong dalawin?

Siya’y ginawa mong mababa ng kaunti kay sa mga anghel; siya’y pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan, at siya’y inilagay mo sa ibabaw ng mga gawa ng iyong kamay:

¹¹⁹ Ngayon, kung babasahin n’yo ’yan; sa Mga Awit 8:4-6, si David yaong nagsasalita. Ngayon ano ang itinawag niya kay David dito? Mababasa n’yo nga riyan, diyan mismo, kung tama nga ba ako kaninang umaga, patungkol sa propeta.

¹²⁰ Sabi niya, “Sapagkat sinabi ng isa sa mga anghel sa isang dako.” Si David, ang mensahero ng Diyos, ay isang anghel ng Diyos, sapagkat siya ang mensahero ng Diyos. Sinabi ng anghel, sinabi ni David, sa Mga Awit, “Siya’y ginawa Mong mababa nang kaunti kaysa Mga Anghel ng Langit.” Sinabi ng isang anghel na ginawa Siya ng Diyos na mas mababa nang kaunti kaysa Anghel, upang Kanyang maputungan Siya; at upang Siya ay magdusa at makalaspang ng kamatayan, upang maitaas muli. Upang Kanyang gawin Siyang . . . tagapagmana ng lahat ng mga bagay ng sanlibutan. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹²¹ Ngayon, sa—sa Mateo 28:18, mababasa natin ang ganito. Matapos Niyang maipako sa krus at magbangong muli sa ikatlong araw, nakipagkita Siya sa Kanyang mga alagad at inatasan silang humayo sa buong sanlibutan, upang ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Sabi Niya, “Ang lahat ng mga kapangyarihan sa Langit at sa lupa ay ibinigay na sa Aking mga kamay. Ang lahat ng kapangyarihan sa Langit, ang lahat ng kapangyarihan sa lupa, ay ibinigay na sa Akin.” Ano ito? Ang Tao at ang Diyos ay naging isa. Nagkatawang-tao ang Logos, at muling bumangon para sa pag-aaring-ganap sa atin, at siya ang pinahirang Emmanuel magpakailan-kailanpaman. Inilipat ng Diyos ang dako Niyang tahanan, mula roon sa isang Luklukan sa dakong kataas-taasan, patungo roon sa puso ng Kanyang Anak, si Cristo Jesus, upang mabuhay at maghari magpakailanman. “Ang Diyos ay nakay Cristo.” Siya ang huling dakong pahingahan ng Espiritu.

¹²² Nanatili ang Espiritu sa tabernakulo, noong araw, alam n’yo ’yun, sa ilalim ng tolda. “At ipinagtayo Siya ni Solomon ng isang tahanan. Subalit, paano mangyayari ’yun, ang Kataas-taasan ay

hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay.” “Ngunit sa isang katawan na sa Akin ay inihanda Mo.”

¹²³ Doon sa Aklat ng Mga Gawa, sa ika-7 kabanata, noong nagsasalita siya, sinabi niya, “Nakita na nilang lahat Ito noong una pa. Nagtayo sila ng tolda para sa Kanya, nagtayo si Moises, may itinayo siyang tolda, at inilagay ang kaban doon, sapagkat ang Diyos ay nasa Luklukan ng Awa. Hindi Siya tumahan sa lugar na iyon.” Buweno.

¹²⁴ Dahil nga, “Isang katawan ang sa Akin ay inihanda Mo,” ang katawan ng Panginoong Jesus Cristo, na ginawang mas mababa kaysa sa Mga Anghel upang makalaspang ng kamatayan; walang iba kundi ang siyang Kataas-taasan, si Cristo; ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng panginoon, ang Manlilikha, bawat bituwin sa sansinukob.

¹²⁵ O Diyos! Siya ay naging mas mababa kaysa sa Kanyang mga nilikha, upang Kanyang tubusin ang tao (taong walang tahanan, taong aba), at bigyan sila ng isang tahanan sa Langit. Iniwan Niya ang lahat ng kaluwalhatian ng Langit. Iniwan Niya ang pinakamataas na Pangalang matatawag. At noong narito Siya sa lupa, binigyan Siya ng tao ng pinakamababang pangalang maibibigay nila sa Kanya, sabi, “Isa Siyang anak sa labas, unang-una sa lahat.” Isinilang sa isang pasabsaban, ibinalot sa mga basahang kinuha lang sa likod ng pamatok ng baka. Walang lugar na mapuntahan, ni tahanan mauwian. At tinawag na, “Beelzebub,” ang pinuno ng mga diyablo. Trinato Siya nang masama. Dinuraan Siya. Nilibak Siya. Tinanggihan Siya, at naparoon sa pinakamalalim na hukay, at nagpakababa sa “Pinakamaruming patutot.” Ganyan nga ang ginawa ng tao sa Kanya.

¹²⁶ Subalit itinaas Siya ng Diyos nang higit na napakataas na kinailangan pa Niyang tumunghay pababa upang matanaw ang Langit. Binigyan Siya ng tao ng pinakamababang luklukan, binigyan Siya ng di kanais-nais na lugar, ng pinakamababang pangalan. Ibinangon naman Siya ng Diyos at ibinigay sa Kanya ang pinakamataas na Luklukan, at ang pinakamataas na Pangalan. Iyon ang pagkakaiba ng ginawa ng tao sa Anak ng Diyos, at sa ginawa ng Diyos sa Anak ng Diyos.

¹²⁷ Nagpakababa Siya, upang tayo ay maitaas. Siya ay naging tayo, upang tayo sa Kanyang biyaya ay maging Siya. Dumating Siya sa mga walang tahanan, at Siya mismo’y naging wala ring tahanan, upang magkaroon tayo ng tahanan. Dumating Siya sa mga maysakit at Siya’y naging maysakit, upang magsigaling tayo. Dumating Siya sa mga makasalanan, “at inaring may sala, Siya mismo,” upang maligtas tayo.

¹²⁸ Kaya naman hindi na nakapagtataakang itinaas Siya. Hindi na nakapagtataakang hayran na nga Siya at naging kung Sino Siya ngayong gabi. Itinaas Siya ng Diyos, at ang lahat ng

mga kapangyarihan sa Kalangitan at sa lupa ay ipinagkaloob sa Kanya.

¹²⁹ Noong matapos na ang panlupa Niyang gawain, dito sa lupa . . . Pumarito nga Siya sa lupa, at sa pagparito Niya, Siya ay inihayag nitong tala sa umaga na Siya nga itong Anak ng Diyos. Pinanginig Niya ang bawat diyablo na nakatagpo Niya. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Nangatog at nanginig ang mga diyablo, at nagmakaawa, sa Kanyang Presensya. Siyanga, po. Kilalang-kilala ng buong impyerno kung Sino Siya.

¹³⁰ Sa paglakad ng may pagpapakababa, wala Siyang lugar na mapaghiligan ng Kanyang ulo, sa gabing maulan. Gayong ang mga mismong hayop na nilikha Niya, “May mga pugad ang mga ibon sa himpapawid, at may mga lungga ang mga soro, datapuwat ang Anak ng tao ay walang lugar na mapaghiligan ng Kanyang pinagpalang ulo.” Ganun nga, hayan nga Siya.

¹³¹ Inari Siyang may sala, naging mababa at tinalikdan. Subalit kilala ng mga diyablo kung Sino Siya. Nagmakaawa pa nga sila. Sabi nila, “Bakit Ka naparito upang pahirapan kami bago dumating ang aming panahon.” At habang ang tawag sa Kanya ng mga mangangaral ay, “Beelzebub,” ang manghuhula; ang mga diyablo’y tumatawag naman sa Kanyang, “Ang Anak ng buhay na Diyos,” at nagsusumamo pa ng pagmamakaawa.

¹³² Oh, kung makahihinto lamang tayo rito kahit isang minuto lang! Sino ka ba, sa inaakala mo? Ganoon na bang kahalaga ang hinahanap-buhay mo ngayon? O ganoon na bang kahalaga itong munting bahay na pagmamay-ari natin? Ganoon na bang kahalaga ang kotseng pagmamay-ari natin?

¹³³ Magandang dalagita, ikaw na binibining punung-puno ng sigla, ganoon na bang kahalaga ang itsura mo ngayon? Kayong mga binatang makikintab, at ayos na ayos ang buhok, diretso ang balikat sa pagkakatayo; huhukot din kayo balang araw, kapag humantong na kayo sa katandaan.

¹³⁴ Subalit, purihin nga ang Panginoon! May kaluluwa kayong naipanganak nang muli. Mabubuhay na kayo magpakailan-kailanpaman, sapagkat Siya ay naging kayo, nang sa gayon kayo naman sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay maging Siya, at mapaglaanan ng isang lugar para sa inyo.

¹³⁵ Oh, tayong palagay na palagay sa buhay dahil lang sa may mailan-ilang mapagpipiliang damit, at ilang mga napamiling gamit para sa bahay, ano bang kaya nating ipagmalaki? Maaari itong kunin ng Diyos sa loob lang ng isang segundo. Hawak Niya sa kamay ang inyong hininga. At narito nga sa gitna natin upang magpagaling ng maysakit, magtanyag at magpahayag, at sabihin ang mga bagay na mangyayari bago pa man maganap, at sa bawat oras ay hindi pumalya. At nagmalasakit pa nga upang ang isang munting, patay nang isda ay maibalik muli sa buhay nito, doon sa kalagitnaan namin. Si Jehovah nga na nasa

palibot natin, si Jehovah nga na nasa loob natin, ang dakila at makapangyarihang si AKO NGA.

¹³⁶ Noong mamatay Siya, ang akala nila'y nagapi na nila Siya. Bumaba Siya sa impiyerno. Noon ngang lisanin Niya ang lupa noong araw na iyon nung maipako Siya sa krus, nagpunta Siya noon sa dako ng mga napahamak. Sinabi ng Biblia, "Siya ay nagpunta at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, sa kanila na hindi nangagsisi sa pagpapahinuhod, sa panahon ni Noe." Noong mamatay Siya, at lumisan sa Kanya ang Kanyang Espiritu, bumalik Siyang muli sa pagiging Logos. Siya nga, sa pagkakakita ko, ay nagwika, "Ako'y nagbuhat sa Diyos. Ako'y babalik sa Diyos."

¹³⁷ At ang Diyos yaong Haliging Apoy na iyon na nanguna sa mga anak doon sa ilang. At noong naririto Siya sa lupa. . . At noong mamatay Siya, naging Ilaw Siyang muli. Nakita Siya ni Pablo, at isa Siya noong Ilaw. Wala ng iba pang naroon ang nakakita sa Kanya. Nakita lang nilang nasubasob si Pablo. May tumama sa kanya, at Iyon ay isang Ilaw. Sabi ni Pablo, "Sino Ka na aking pinag-uusig?"

¹³⁸ Sabi Niya, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?"

Sabi, "Sino Ka baga?"

¹³⁹ Sabi Niya, "Ako'y si Jesus, na iyong pinag-uusig, at mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis."

¹⁴⁰ Pagkatapos ay lumisan siya at sinaliksik ang mga bagay-bagay tungkol sa Ilaw na iyon. Binalikan ni Pablo ang Biblia, upang alamin kung ano nga bang talaga ang Ilaw na iyon. At isinulat niya ang Sulat na ito. Siya nga ang siya ring Jehovah. Ang siya ring Ilaw na iyon ay naroon sa ilang kasa-kasama ng mga anak ni Israel. At noon ngang nasa bilangguan si Pedro, Siya yaong Ilaw na pumasok at nagbukas ng mga pintuan.

¹⁴¹ At sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, nang sa gayon ay walang maidadahilan ang sinuman. . . Oh, kung hindi lang nila titingnan ang mga mensaherong salat sa pinag-aralan, at sa halip aalalahaning: hindi ang mensahero, kundi ang Mensahe. Nanaog Siyang muli, para kasamahin tayo, sa anyo ng Haliging Ilaw. At heto nga't kumikilos Siya sa Kanyang di nagmamaliw na mga himala at mga tanda, nang hindi lumalabas sa kung anong nasa Biblia; bagkus nanatili sa Biblia, pinananatili iyon sa pagpapasakop dun, inihahayag ang Kanyang kaluwalhatian, ipinakikita ang Kanyang kapangyarihan. Purihin ang Kanyang banal na Pangalan!

¹⁴² Alam kong iniisip n'yong marahil wala na ako sa katinuan; ngunit, oh, ang pinagpalang Walang Hanggan Kapahingahang iyon na naroon sa aking kaluluwa. Kahit na magsidaluyong pa ang mga bagyo, nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing.

143 At ang makita Siya noong Siya ay mamatay, hayan nga't, ang buwan ay tila nagpatirapa sa takot. Lumubog ang araw sa kalagitnaan ng araw. At noong magpunta Siya sa dako ng mga napahamak, [Kinakatok ni Kapatid na Branaham ang pulpito nang apat na beses—Pat.] kumatok sa pintuan, at bumukas ang pinto. Sinabi ng Biblia, “Siya ay nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, na hindi nangagsisi sa pagpapahinuhod sa panahon ni Noe,” matapos Niyang lisanin ang lupa. Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, noong lumisan Siya, natapos na ang Kanyang gawain sa lupa, subalit patuloy pa rin Siyang gumagawa. At gumagawa pa rin Siya ngayong gabi. Amen.

144 Kumatok Siya sa pintuan ng mga napahamak. Sinabi nga ng Biblia na kumatok Siya. At Siya ay nagpatotoo, “Ako ang Binhi ng babae. Ako Yaong tinukoy ni Adan. Ako Yaong sinabi ni Enoch na darating kasama ng sampung libo ng Kanyang mga banal. Ako yaong Anak ng buhay na Diyos, at ginugol n'yo na sa kasalanan ang araw na kayo sana'y napakitaan ng habag. Gayong sinalita na ito sa inyo sa pamamagitan ng propesiya, ng mga anghel, nina Enoch, Noe, na kinakailangan Ko ngang dumating upang tuparin ang bawat Salita ng Biblia ng Diyos. Naririto nga Ako bilang isang saksi sa ‘lupaing ito ng mga napahamak.’” At nangaral Siya sa kanila.

Doon sa impiyerno ay nagtungo Siya, doon mismo sa mga pintuan ng impiyerno, kumatok sa pintuan. Binuksan ng diyablo ang pintuan, nagsabi, “Naisahan din Kita sa wakas.”

145 Hinablot 'yung mga susing nasa tagiliran nito, sabi, “Ikaw na diyablo ka, matagal-tagal ka nang nanlilinlang sa palabas mong ito.” Heto nga, narito mismo sa Biblia. Sandali lang at ipakikita ko sa'yo. “Matagal-tagal ka nang nanlilinlang sa palabas mong ito, subalit pumarito na Ako ngayon upang kunin ang pamamahala.” Tapos sinunggaban ang mga susi at sinipa ang diyablo pabalik sa loob, at isinara ang pintuan.

Lumabas doon at pinuntahan naman sina Abraham, Isaac, at Jacob. Sa ikatlong araw ay bumangon Siya, at yaong mga nangatatutog sa libingan ay bumangong kasama Niya. Oh, hallelujah! Kaya naman nasabi ng makata:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa
pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong
dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y
ariing ganap nang walang bayad kailanman,
Balang araw Siya nga ay darating, oh, Araw na
walang kasing ningning.

146 Pagpalain nawa itong tali na nagbubuklod sa ating mga puso sa pagsasama-sama ng mga Cristiano, ito ngang pag-ibig ng

Diyos. Noong bumangon Siya, hindi pa Siya tapos sa dapat na gawin, hindi pa. May ilan pa Siyang gawain na dapat gawin.

147 Sinabi ng Biblia, “Umakyat Siya sa Itaas at nagbigay ng mga kalooob sa mga tao.” May kung anong tabing noon sa itaas na nakabalot sa ibabaw ng sangkalupaan, bagay ng kadiliman, ng kapanglawan, ng kamatayan, ng kagulumihanan. Hindi nga noon makaabot sa taas ang mga panalangin, dahil hindi pa noon nagkakaroon ng Pagtutubos. Subalit, nilampasan Niya ang tabing. Binuksan Niya ang daan. Sinira Niya ang tabing ng karamdaman. Sinira Niya ang tabing ng kasalanan. Sinira Niya ang tabing ng kagulumihanan. Sinira Niya ang tabing ng pagkalumbay. Sinira Niya ang bawat tabing, at naglaan ng daan para sa sinumang naglalakbay, na tumatahak sa daan ng Hari. Oh, naku, noon ngang lampasan Niya ang buwan at ang mga bituwin, at tumaas pa nang tumaas!

148 Sumusunod, sa likuran Niya, yaong mga banal ng Lumang Tipan, sina Abraham, Isaac, at Jacob. Pumaitaas sila roon sa Kalangit-langitan. Noong malayo-layo pa sila roon sa Bayan, nakikinita kong itinanaw nila ang kanilang mga mata sa harap nila. Sabi ni Abraham, “Hayan nga ang Bayan na inasam ko noong makita. Oh, halika rito, Isaac. Halika rito, Jacob. Oh, mga manlalakbay at mga dayuhan tayo noon sa lupa, hayan nga’t heto na ang Bayan. Hayan na nga Yaong hinintay natin.”

149 At sinabi ng Biblia na humiyaw sila, “Magsitaas kayo, kayong mga walang hanggang pintuang-bayan, at kayo’y mangataas, sapagkat ang Hari ng Kaluwalhatian ay papasok.”

150 At ang mga Anghel sa likod ng pintuang-bayan ay pahiyaw na sumagot sa mga anghel dito sa kabilang panig, at ang sabi, “Sino ang Hari ng Kaluwalhatian?”

151 At ang mga anghel sa dako rito, yaong mga propeta, ang sabi, “Ang Panginoon ng mga Hukbo, ang Makapangyarihan sa pagbabaka.”

152 At pinindot nila ang mga buton at nagbukas ang malaking pintuang-bayan. Doon mismo sa gitna ng mga lansangan Siya ay paparating, ang Mananagumpay, nagdiriwang ng tagumpay, kasama ng mga banal ng Lumang Tipan na sumusunod sa likuran Niya. Naupo sa Luklukan, at ang sabi, “Ama, heto na sila. Sila’y sa Iyo.”

153 Sabi Niya, “Halika rito sa itaas at maupo, hanggang sa Aking gawing tungtungan Mo ang Iyong mga kaaway.” Kung babasahin natin, masusumpungan nga natin ’yan dito sa Kasulatan. Ngayon naman.

154 Pakinggan n’yong maigi. Narito na tayo sa ika-8 talata.

Pagkatapos ay kanyang *inilagay ang lahat ng mga bagay sa pagsuko sa ilalim ng kaniyang mga paa. Sapagka’t...nang pasukuin niya ang lahat ng mga*

bagay sa ilalim ng kaniyang mga paa, ay wala siyang iniwan na di. . . sumuko sa kaniya. Nguni't ngayon ay hindi. . . natin nakikitang sumuko sa kaniya ang lahat ng mga bagay.

Iyan nga 'yung, kamatayan. Hindi pa natin nakikita ang kamatayan, sapagkat papunta pa lang tayo sa kamatayan. Abotanaw nga natin ang kamatayan.

Subalit, sa ika-9 na talata, "Subalit nakikita natin si Jesus!" Amen. Pakinggan n'yo.

. . . nakikita natin si Jesus, na ginawang mababa ng kaunti kay sa mga anghel na dahil sa pagbata ng kamatayan, ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan; upang sa pamamagitan ng biyaya ng Dios ay lasapin niya ang kamatayan dahil sa bawa't tao.

Bakit Siya ginawang mababa kaysa sa Mga Anghel? Upang lasapin Niya ang kamatayan. Kinailangan Niyang mamatay. Kinailangan Niyang pumarito, upang mamatay.

¹⁵⁵ Tumingin ka rito, kaibigan. Huwag, mo nawang kalimutan ito. Noong patungo roon si Jesus, naglalakad paakyat ng burol, bumubulong-bulong ang kamatayan sa Kanyang ulo.

¹⁵⁶ Atin ngang dalhin ang tagpo sa Jerusalem, dalawang libong taon na ang nakararaan. At papaano ninyo Ito maikakaila? Naririnig ko ang isang tunog na nagmumula sa lansangan. Ano iyon? Isa 'yung pagkaldag ng kung ano. Isa 'yung paparating na lumang krus na hindi man lang naliha para kuminis, papalabas ng mga pintuang-bayan ng Damasco, na kumakaldag sa mga bato. Naroroon pa rin mapasa-hanggang ngayon yaong mga malalaking batong iyon sa kalsada. Kumakaldag iyon sa mga malalaking bato, kumakaldag-kaldag doon. Kitang-kita ko ang pagtilamsik ng Dugo sa daan. Anong meron? May isang Lalaki roon na wala namang ginawang masama; pawang mabuti lahat. Bulag ang mga tao roon. Hindi nila Siya kilala. Hindi nila Siya napagkilala.

Sasabihin n'yo, "Bulag? May paningin naman sila?"

¹⁵⁷ Maaari ngang may mga mata ka pero bulag ka pa rin. Naniniwala ba kayo roon? Sinabi iyon ng Biblia. Natatandaan n'yo ba si Eliseo sa Dotan? Lumabas siya at binulag ang mga tao, sabi, "Ngayo'y sumunod kayo sa akin." Bulag nga sila sa kanya.

¹⁵⁸ At bulag ang mga tao ngayong gabi. Isang iglesyang hindi naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling, ang lumapit sa akin minsan, at ang sabi ba naman, "Sige bulagin mo nga ako. Bulagin mo nga ako." Sa bahay iyon ni Kapatid na Wright nangyari. Sabi ba naman, "Bulagin mo nga ako." Sabi pa, "Nakapagpabulag nga si Pablo ng isang lalaki noong araw." Ngayon, "Bulagin mo nga ako."

159 Sabi ko, “Kaibigan, nagawa na iyon ng diyablo. Bulag ka na. Tootoo, sinasabi ko sa’yo.”

160 Sabi niya, “Pagalingin mo itong munting batang babae at paniniwalaan kita.”

161 Sabi ko, “Tligtas mo itong makasalanan at paniniwalaan kita.” Ganoon nga.

162 “Oh,” sabi niya, “kinakailangan niyang manampalataya.”

163 Sabi ko, “Ganoon din ito, kinakailangan nitong dumaan muna sa dakilang biyaya ng Diyos.”

164 Ang diyablo, ang—ang diyos ng sanlibutang ito, binulag niya ang mga mata ng mga tao. “May mga mata sila subalit hindi sila makakita,” sinabi nga ng Biblia.

165 At heto na Siya, tinatahak ang kalsada, gumuguhit ang mga Duguang bakas ng paa sa daan paakyat. Ang *bubuyog* ng kamatayan ay patibo-tibo sa palibot Niya, pabulong-bulong sa Kanya, “Kaunting sandali na lang at madadale na rin Kita.” Nanghihina na Siya, nauuhaw sa tubig.

166 Naranasan ko nang mabaril minsan, nakahandusay dun sa lupa, talagang umaagos sa akin ang dugo. Sumigaw ako para humingi ng tubig. At sinaklolohan ako ng kaibigan ko, kinuha ang suot niyang pandong at isinalok iyon sa tubig; doon sa tubig na matagal nang nakatiwangwang doon, may mga kiti-ki na. Lumapit siya, at binuka ko ang bibig ko; sinubukan niyang pigilan ang pag-agos dun. Dahil sa, bumubulwak na ang dugo na parang bukal, doon sa bahagi kung saan ako napinsala nang husto sa pagkakabari. Nakauuhaw talaga!

167 Nang mga oras na iyon ay napagtanto ko kung ano marahil ang sinapit ng aking Panginoon, matapos na umagos ang dugo sa buong umagang iyon, mula alas nuebe hanggang alas tres ng gabi, nababawasan ng maraming Dugo. Nakikinita ko ang Kanyang balabal, noong una, mga maliliit na batik pa lang ang naroon. At lahat ng mga batik ay nagsimula nang lumaki at umagos nang sama-sama, naging isang napakalaking mantsa ng Dugo, tumutulo sa Kanyang paa habang Siya ay naglalakad. Iyon ang Dugo ni Emmanuel. Oh, hindi karapat-dapat ang lupa sa pagdanak Niyon sa lupa.

168 Subalit noong paakyat na Siya, yaong *bubuyog* na aaligid-aligid at handa Siyang tibuin. Ano ang ginawa nito? Sa hinabaha ay tinibo rin Siya nito.

Ngunit, kapatid, kahit sino alam ito, na ang isang insekto o isang bubuyog, kapag natibo ka na nito nang minsan, tapos na ang anumang paninibo. Hindi na ito makapaninibo pa. Dahil, paglipad nito palayo, mahihila ang panibo nito at maiiwan.

Iyon ang dahilan kung bakit kinailangang magkatawang-tao ang Diyos. Tinanggap Niya ang panibo ng kamatayan sa Kanyang laman, at hinila Niya ang panibo mula sa kamatayan.

Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Maaaring bumulong-bulong ang kamatayan at susubukan nitong manibo, subalit hindi na kayo makakayang saktan nito.

¹⁶⁹ Si Pablo, noong maramdaman niyang bumubulong-bulong ang *bubuyog* na iyon sa palibot niya, paparating na noon ang kamatayan. Sabi niya, “O kamatayan, saan naroon ang iyong tibo?” Maituturo niya ang Kalbaryo kung saan ito naiwan sa laman ni Emmanuel. “Saan naroon ang iyong pananagumpay? Datapuwat salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng pananagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo.” Siyanga.

¹⁷⁰ Hindi nga natin nakikita ang lahat ng bagay.

Kundi nakikita nga natin si Jesus, na ginawang mababa ng kaunti kay sa mga anghel. . . na dahil sa pagbata ng kamatayan, . . .

Sapagka't marapat sa kaniya, na pinagukulan ng lahat—lahat ng mga bagay, upang sa pamamagitan niya ay taglayin natin ang lahat ng mga bagay, sa pagdadala. . . ng maraming anak. . . at gawing sakdal siyang pangunahing may gawa ng ating kaligtasan. . . sa pamamagitan ng sakit.

Ang tanging paraan upang Siya ay maging Pangunahing may gawa ng ating kaligtasan, ay kinailangan Niyang batain ang sakit.

¹⁷¹ Pakinggan ninyo itong napakagandang Mga Salita rito ngayon. Ngayon pakinggan n'yo.

Sapagka't ang nagpapagingbanal at ang mga pinapagingbanal ay pawang. . . isa: . . .

Oh, napapansin n'yo ba ang Puno ng Ubas at ang Sanga doon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pawang Isa.

. . . na dahil dito'y hindi siya nahihiyang matawag na kapatid,

Kita n'yo? Bakit? Pakinggan n'yo, ang susunod na talata.

Na sinasabi, Ibalalita ko ang iyong pangalan sa aking mga kapatid, Sa gitna ng kapisanan ay aawitin ko ang mga papuri mo.

At muli, ilalagak ko ang aking pagkakatiwala sa kaniya. At muli, Narito ako at ang mga anak na ibinigay mo sa akin.

Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama'y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong mayroong paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay, ang diablo:

At mailigtas silang lahat na dahil sa . . . dahil ang . . . dahil sa . . . dahil ang kamatayan ay noon pa ma'y nananatiling nangasailalim ng pagkaalipin.

172 Noon pa ma'y takot na ang tao sa kamatayan. Inari ni Cristo ang kasalanan, ginawang mababa, upang akuin ang kamatayan sa Kanyang Sarili. At hindi Niya ikinahihiyang matawag na ating "Kapatid," sapagkat hayan nga't Siya ay tinukso ring gaya naman natin na natutukso. Kaya naman Siya ay naging . . . yaong karapat-dapat na tagapamagitan, 'pagkat napagtagumpayan Niya ang ganoon ding klase ng panunukso na inyong binabata. At inako nga Niya ang inyong lugar, nalalamang hindi ninyo makakayanan ito sa inyong sarili.

173 Kaya naman, hindi pa ba n'yo nakikita, kapatid na lalaki, kapatid na babae? Ang lahat ng ito'y biyaya. Ang lahat ng ito ay biyaya. Hindi kung ano ang ginagawa n'yo, anupaman 'yan. Ito nga'y kung ano ang ginawa na Niya para sa inyo. Ngayon, hindi kayo makagagawa ng kahit anupamang bagay para maging karapat-dapat kayo sa kaligtasan n'yo. Ang kaligtasan n'yo ay isang kaloob. Si Cristo ay inaring may sala, upang maging matuwid kayo. At Siya nga ang karapat-dapat na Pangunahing May Gawa ng ating kaligtasan, sapagkat nagdusa Siya gaya rin naman natin na nagdusa. Siya ay tinukso na gaya rin naman natin na tinukso. At hindi Niya ikinahihiyang matawag na "ating Kapatid," sapagkat natatalos Niya ang pinagdadaanan natin. Oh, purihin ang Pangalan Niya!

Sapagka't tunay na hindi niya kinuha ang anyo ng mga anghel, kundi kinuha niya ang binhi ni Abraham.

174 Oh, ang ganda! Hindi Siya naging isang Anghel. Siya ay naging Binhi ni Abraham. "At tayo, na mga patay na kay Cristo, ay naging Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ayon sa pangako." Kita n'yo? Hindi Siya nag-anyong Anghel. Hindi Siya naging isang Anghel. Siya ay naging Tao. Siya ay naging Binhi ni Abraham, at inako ang tibo ng kamatayan sa Kanyang Sariling laman, upang ipakipagkasundo tayo pabalik sa Diyos, at ngayon nga'y nakaupo na roon bilang isang Tagapamagitan. Naku, papaano pa natin matatanggihan Ito, kaibigan?

175 Pakinggan n'yo.

Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumawa ng pangpalubag-loob . . . sa kasalanan ng bayan.

176 Upang Siya ang maging Tagapagkasundo! Kita n'yo, may pag-aalit sa pagitan ng Diyos at ng tao. At walang taong . . .

May mga naipadalang mga anghel, mga propeta. Hindi nila maaaring akuin ang inyong lugar, sapagkat kinakailangan din

naman nilang ipanalangin ang kanilang mga sarili. Hindi nila maaaring akuin ang lugar.

¹⁷⁷ Noon nga'y, ipinadala Niya ang kautusan. Ang kautusan ay isang pulis na maglalagay sa atin sa bilangguan. Wala itong kakayanang ilabas tayo roon. Ipinadala Niya ang kautusan.

Ipinadala nga Niya ang mga propeta, ipinadala Niya ang mga matuwid, at ang lahat, ngunit wala silang kakayanang makapanubos. Kaya naman nanaog Siya at naging isa sa atin. Oh, ang ganda!

¹⁷⁸ Sana'y may mas marami pa tayong oras ngayon, gusto ko kayong dalhin doon sa paksa ng batas ng pagtutubos; subalit wala na tayong oras, sandali na lang ang natitira. Naroon nga ang napakagandang tagpo kina Ruth at Naomi. Kung makikita n'yo roon, ang pagkakasundo, kung papaanong ang lalaking magbubukid, yaong lalaking dapat tumubos sa pag-aaring nawala at bumagsak, ay kinakailangang malapit na kamag-anak ng taong nawalan ng naturang pagmamay-ari. Iyon ang dahilan kung bakit si Boaz ay kinakailangang maging isang... isang malapit na kamag-anak ni Naomi, upang makuha niya si Ruth. At sa ganoong paraan, kinakailangan niyang maging karapat-dapat. Kinakailangang magawa niya iyon, upang tubusin ang naiwala. At si Boaz, doon sa pintuang bayan, ay nagbigay ng patotoo sa publiko, sa pamamagitan ng pag-aalis ng kanyang panyapak, ipinapakitang tinubos na niya si Naomi at ang lahat ng kanyang pagmamay-ari. At kinakailangan niya talagang maging kamag-anak.

¹⁷⁹ At iyon ang dahilan kung bakit si Cristo, ang Diyos, ay kinailangang maging kamag-anak natin. Kaya naman nanaog Siya at naging isang Tao. At binata Niya ang mga tukso. At pinagtawanan Siya, nilibak, at inusig, at niwalang-bahala, at tinawag pang "Beelzebub," at—at tinuya, at pinagdusa ng kamatayan sa pamamagitan ng parusang bitay. Kita n'yo po? Kinailangan Niyang maging kamag-anak natin. Kinailangan Niyang maakusahan nang mali, dahil sa inakusahan din kayo nang mali. Kinailangan Niyang batahin ang pagkakasakit, dahil sa kayo'y may sakit. Kinailangan Niyang magpasan ng mga kasalanan, dahil sa ito'y inyong mga kasalanan. At kinailangan nga Niyang maging kamag-anak. Ang tanging paraan para matubos Niya tayo ay sa pamamagitan ng pagiging kamag-anak natin. At papaano Siya naging kamag-anak, iyon nga'y sa pag-aanyong makasalanan na laman at pagiging isa sa atin. At sa pamamagitan nun, binayaran Niya ang halaga at tinubos tayo pabalik sa pakikisama sa Ama. Oh, napakadakilang Tagapagligtas! Hindi iyon kayang isaysay ng mga salita.

Palibhasa'y nagbata siya sa pagpapasailalim, . . . at makasaklolo sa mga tinutukso.

180 Ang ibig sabihin dito ng *makasaklolo* ay “makatulong nang may pagdanas.” Iyan nga, ang dahilan kung bakit naging *ganito* Siya, upang makatulong Siya nang may pagdanas sa inyo na mga . . . nakararanas ng mga *pagbangon* at *pagkadapa*, at nakararanas ng ilang *paglapit* at *paglayo*, at minsan pa nga’y tumitindi nang husto ang mga panunukso sa inyo na halos hindi n’yo na makaya. Alam Niya kung papaano makatutulong sa inyo. Dumanas Siya roon, upang mamagitan. Dumanas Siya roon, upang mahalin kayo. At kahit na maligaw kayo sa landas, hindi Niya kayo tatalikdan. Lalapit pa rin Siya sa inyo at kakatok sa inyong puso. Walang narito ngayon sa gusaling ito na minsang tumalikod sa pananampalataya ang maikakaila ang pagkatok ng Diyos sa kanyang puso araw-araw. At Kanya ngang patuloy na gagawin ito hangga’t kayo ay mortal dito sa lupang ito, sapagkat patuloy Niya kayong iniibig. Tinubos Niya kayo.

181 Sinikap na noon pa man ng mga makata, sinikap na noon pa man ng mga manunulat, sinikap na nilang ipahayag yaong temang iyon patungkol sa “pag-ibig,” at hindi nila iyon kayang ilahad sa pamamagitan ng wika ng tao. Sabi ng isa:

Oh, pag-ibig ng Maykapal, dalisay at maringal!

Di kayang huluin ni kaya mang gibain!

Magpakailan-kailanpaman mananatili yaring sandigan,

Sa tuwina’y aawitin ng mga Banal at Kerubin.

Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng tintang panulat,

At ang kalangitan naman ay yaong papel na paglalaman;

Bawat tangkay sa sangkalupaan ay gawin mang panulat ng kapahayagan,

At ang bawat tao’y atasan man na pagsulat lamang ang pagtuunan;

Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang hihigit pang Maykapal

Ay makapagpapatuyong mainam nitong buong sangkatubigan;

Ni hindi kayang doon isulat sa balumbon ang lahat-lahat,

Kahit pa banatin iunat ang buong sansinukob sa hustong sukat.

182 Hindi n’yo ’yun kailanman makakayang apuhapin. Walang paraan para maunawaan natin kung gaanong napakadakila ng handog na iyon, na ginawa Niya, nanaog at ipinakipagkasundo tayo pabalik sa Diyos. Nagbalik nga Siya at nagsabi, “Ngayon, hindi Ko kayo iiwang mag-isa. Ako’y paririto muli at sasainyo, pasasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

183 At heto na nga tayo ngayon, nabubuhay sa pagtatapos ng panahon, kasama ang siya ring Jesus, ng siya ring mga bagay, ng siya ring mga tanda, ng siya ring mga kababalaghan, ng siya ring kaligtasan, ng siya ring Espiritung gumagawa ng siya ring mga bagay, ng siya ring Ebanghelyo, ng siya ring Salita, ng siya ring mga paglalarawan, ng siya ring pagpapakita, at ng lahat-lahat. Obligado tayong huwag pabayaan ang dakilang kaligtasang ito, sapagkat tayo'y mananagot, balang araw, sa kung anumang ginagawa natin sa Anak ng Diyos.

184 Nariyan nga Siya sa kamay mo sa gabing ito, ikaw na makasalanan, tumalikod sa pananampalataya. Anong gagawin mo sa Kanya? Sasabihin mo, “Buweno, isasantabi ko Ito.” Pero, tandaan mo, huwag mong gagawin 'yan. Wala talagang paraan, hindi mo 'yun magagawa, kung isa kang makasalanan, na sa paglabas mo sa gusaling ito ay ganoon ka pa rin gaya ng dati. Hindi mo 'yun maaaring magawa.

185 Si Pilato, isang gabi, sinubukan niyang ganoon ang gawin. Nagpakuha siya ng kaunting tubig at naghugas kamay. Sabi, “Wala akong anumang kinalaman sa bagay na Ito. Ganoon pa rin ako gaya ng dati na ipagpalagay nating hindi ko Ito nakita kahit kailan. Hindi ko napakinggan ang Ebanghelyo kahit kailan. Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman Dito.” Makapaghuhugas kamay ba siya sa bagay na Ito? Hindi niya 'yun magagawa.

186 Sa kinalaunan, alam n'yo po ba ang nangyari kay Pilato? Nawala siya sa katinuan. At doon sa Switzerland, kung saan kami bumisita noong nakaraang taon, para ipangaral itong Ebanghelyo, ngayon may lumang alamat sila roon na ang sabi, doon daw, may lawa sila ng tubig, kung saan dinarayong mga tao buhat sa iba't ibang panig ng mundo, upang pagmasdan iyon, taon-taon, sa panahon ng pagpapakita sa krus. Si Pilato, tumalon siya roon sa kanyang kamatayan, nagpakamatay, sa pagtalon sa tubig at nilunod ang kanyang sarili. At taon-taon, sa parehong araw, bumubulubok ang asul na tubig mula sa lawa, ipinapakita nun na tinatanggihan ng Diyos ang tubig. Hindi mahuhugasan kailanman ng tubig ang Dugo ni Jesus sa iyong kamay o sa iyong kaluluwa. May isang paraan lang para magawa ito, 'yun ay ang tanggapin Ito bilang personal ninyong kapatawaran at makipagkasundo sa Diyos.

Manalangin tayo.

187 Makalangit na Ama, pinasasalamat Ka po namin sa Salita ngayong gabi. “Sapagkat ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig sa Salita.” Pinasasalamat Ka po namin para kay Jesus. At habang nakikita namin itong dakilang araw na kinabubuhayan namin, kung papaanong ang mga tanda at mga kababalaghan, kung papaanong pinalalampas namin ang mga ganitong bagay. Diyos,

buksan Mo po ang mga mata ng mga nagsidalalo sa tabernakulong ito, sa gabing ito, upang makita nila at mapag-unawa nilang kami'y nasa mga huling oras na. Mabilis na lumilipas ang oras. Hindi na kami magtatagal sa lugar na ito, at kinakailangan na naming makipagkita kay Jesus. At mangyayaring ibibilang kami na mga taksil, sapagkat wala ng dahi-dahilan sa umagang ito. Noong ipagkaloob Mo po 'yung kahanga-hanga't, dakilang pangitain, ng lalaking iyon na dumayo pa rito, mula pa roon sa malayong lugar; at ang makita siyang, wala man lang ni anino ng pag-aalinlangan, tumayo mula roon sa silyang de gulong, nakakakita na. Lumakas ang kanyang mga binti, at sa buong gusali nga'y, nagalak siya at nagpuri sa Diyos. Ipinakikita lamang nito na magagawa pa rin ng Diyos na makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. Ang makita nga ang mga gayong pangitain, gaya ng sabi ni Jesus, "Hindi Ako makagagawa ng anuman hanggang sa ipakita ito sa Akin ng Ama. Hindi Ako makagagawa ng anuman."

¹⁸⁸ Sinundan Siya ng lalaking bulag, at nagsabi, "Mahabag Ka sa amin."

¹⁸⁹ Sabi Niya, pagkahipo sa kanilang mga mata ay nagsabi, "Alinsunod sa inyong pananampalataya, ay siyang mangyari sa inyo."

¹⁹⁰ Ngayon, Panginoon, nakikita po namin si Jesus. Hindi po namin nakikita ang lahat ng mga bagay. Hanggang sa ngayon ay dinadala pa rin namin ang mga namaalam naming mahal sa buhay sa libingan, at nilalakaran namin ang libingan ng bawat isa. Subalit nakikita nga namin ngayon si Jesus, na siyang nagbitiw ng pangako. Nakikita namin Siyang kasama namin. Hindi si Jesus sa libingan, hindi si Jesus dalawang libong taon na ang nakararaan; kundi si Jesus ngayong gabi, na kasa-kasama namin. Nakikita namin Siyang ipinamamalas ang buo Niyang kapangyarihan, at mga tanda, at mga kababalaghan.

¹⁹¹ Diyos, huwag po nawa naming mapabayaang kailanman ang dakilang Kaligtasang ito. Kundi amin nawa Itong mayakap, at matanggap Ito, at maging taimtim kami rito, at maipamuhay sa pamamagitan Nito hanggang sa araw ng pagparito ni Jesus upang dalhin na kami pauwi sa Tahanan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan.

¹⁹² At habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon kayang naririto sa gusali ngayong gabi, na sa ilalim ng Banal na Presensiya ng Espiritu Santo, ay magsasabi, "Kapatid na Branham, naniniwala akong nagkamali ako. Naniniwala akong nagkamali ako. Ipinahayag ng Diyos sa akin ang aking mga kasalanan. At alam kong mali ako. Itataas ko ang aking kamay sa Kanya at hihingi ng habag, ngayong gabi. Diyos, mahabag Ka po sa akin. Nagkamali po ako." Maaari ba ninyong gawin iyon?

¹⁹³ Habang naghihintay tayo pansumandali, kung may naririto na ninanais 'yun, may pagbabautismong magaganap sa ilang saglit lamang. At kung kayo ay makasalanang, magsisisi na ako. Papaano ninyo matatanggihan ang ganoong walang katulad na pag-ibig ng Isang namatay? Ang banal na Diyos ng Langit ay naging isang makasalanang Tao; hindi dahil nagkasala Siya, kundi dahil inako Niya ang iyong mga kasalanan, at pinasan ang mga iyon patungo roon sa Kalbaryo. At hindi pa ba n'yo tatanggapin ang gayong pagpapatawad? Maaari po ba n'yong gawin na iyon ngayong gabi? Habang nakayuko ang ating mga ulo, sabihin n'yo, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham. Itinataas ko ang aking mga kamay kay Cristo, at sasabihing, 'Mahabag Ka po sa akin. Ako, ako na nagkasala, at nais ko ngayong makabalik sa Diyos.'" Maaari n'yo po bang itaas ang iyong kamay?

Buveno, dahil Cristiano po tayong lahat dito, kung gayon, manalangin tayo.

¹⁹⁴ Ama, pinasasalamatang Ka po namin ngayong gabi, dahil ang bawat isang naririto ay mga Cristiano, na nakasaksi sa siya ring mga bagay sa pamamagitan ng pagdulog nang taimtim, upang ang lahat ng mga kasalanan nila ay pumailalim sa Dugo. At nagpapasalamat po akong lubos dahil doon. Pagpalain Mo po sila, Panginoon. Oh, lubos kong ikinagalak ang makasumpong sila ng pakikipagkasundo sa pamamagitan ng handog na Dugo, sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita. Ang paghuhugas ng tubig, sa pamamagitan ng Salita, nilinis nga kami Nito. Dinala kami Nito sa napakadakilang lugar, kung saan—kung saan ang makasalanang, sa kanyang pinakamaitim na kalagayan, ay ginagawang singputi ng niyebe. Ang mga mapupulang mantasa ng kasalanan ay nahugasan na, at kami'y naging mga bagong nilalang kay Cristo. Lubos nga po naming pinasasalamatang sa mga bagay na ito, Ikaw po, dahil dito.

Ngayon narito na tayo sa gawaing pagbabautismo. Batid kong itong kabataang babae, ngayong gabi, ay babautismuhan sa dakong ito, sa Pangalan ng kanyang Panginoon.

¹⁹⁵ Oh Makalangit na Ama, idinadalangin naming pagpapalain Mo po ang kabataang babaing ito. Naaalala ko po ang ilang mga araw pa lang na nagdaan, nagtungo ako dun sa Henryville at nakita ang nakalulugod na munting batang babaing iyon na naglalakad noon sa may kalsada. At ngayong gabi, heto na siya isang ina, isa nang binibini. Tinanggap Ka po niya bilang kanyang sariling Tagapagligtas. Naging mahirap ang buhay sa kabataang ito, Panginoon, O Diyos, subalit nakatitiyak siya sa Langit. At pinapasalamatang Ka po namin para doon. Dalangin namin, Diyos, na Iyo pong pagpapalain ang kabataang babae sa mga oras na ito. At sa pagdulog niya upang mabautismuhan sa tubig, puspusin Mo nawa siya ng Espiritu Santo ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ang kaluluwa nawa niya ay

sadyang magalak nang lubos, sa Kalangitan! Ipagkaloob Mo po ito para sa Iyong ikaluluwalhati. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

[Blankong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁹⁶ Nais kong bumasa mula sa Mga Gawa, sa ika-2 kabanata; nangungusap si Pedro rito, noong Araw ng Pentecostes, iyon ang pinakaunang bautismong isinagawa sa Iglesyang Cristiano. Heto nga si Pedro, sinasaway ang mga Fariseo at ang mga bulag, dahil sa hindi nila napagkikilala ang Anak ng Diyos; isinasaysay niya kung papaanong binangon Siya ng Diyos, at pinatotohanan ang Kanyang mga gawa, sa pamamagitan ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan. Pakinggan n'yo po ito, habang nangungusap siya. Dinadakila Niya si Jesus.

¹⁹⁷ Dinadakila nga ng bawat espiritu ng sinumang Cristiano si Jesus, hindi lang sa pamamagitan ng inyong mga labi, kundi sa pamamagitan ng inyong buhay. Makapagsasalita ang mga bibig n'yo ng isang bagay, pero iba naman ang ginagawa ng inyong buhay. Kung ganyan ang ginagawa n'yo, alam n'yo po ba kung ano ito? Ito ay pagpapaimbabaw. At mas mainam pang humarap ako sa Langit bilang isang di-mananampalataya kaysa isang mapagpaimbabaw. Mas mainam pa ang kalalagyan ko, naniniwala ako, doon sa Langit, bilang isang—isang di-mananampalataya, kaysa maging isang mapagpaimbabaw. Naniniwala nga ako . . . kung magpapatotoo kayo para kay Jesus at sasabihin n'yong “Siya ang Tagapagligtas,” mamuhay kayong ganoon, 'pagkat iyon ang aasahan ng mga tao sa inyo. Ganun po 'yun. Mamuhay kayong gaya ng nararapat para sa isang Cristiano. Natalakay na natin iyan kaninang umaga.

¹⁹⁸ Ngayon, kung loobin ng Panginoon, bukas ng gabi, o . . . sa Miyerkules ng gabi, tatalakayin naman natin itong ika-3 kabanata, na isang kamangha-manghang kabanata. At ngayon, sikapin n'yo po talagang makadalo ng Miyerkules ng gabi. Ilan po rito ang lugod sa Aklat na ito, sa araling ito ng Sunday school? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh, maraming salamat. Mainam 'yan.

¹⁹⁹ Ngayon, nais kong magbasa ngayon mula sa Mga Gawa, sa ika-2 kabanata, simula sa ika-32 talata.

Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito'y . . . mga saksi kami. (Batid nga nila.)

Palibhasa nga'y pinarangal ng kanang kamay ng Dios, at tinanggap na sa Ama ang pangako ng Espiritu Santo, ay ibinuhos Niya ito, na iyong nakikita at naririnig.

²⁰⁰ Ngayon pakinggan n'yo siya na nangungusap tungkol kay David, isa sa mga anghel.

Sapagka't hindi umakyat si David sa langit; datapuwa't siya rin ang nagsabi, Sinabi ng PANGINOON sa aking Panginoon, Maupo ka sa kanan ko,

Hanggang sa gawin ko ang iyong mga kaaway na tuntungan ng iyong mga paa.

Hindi nga makaakyat si David; nasa ilalim siya ng nabuhos na dugo ng mga dumalagang baka, at mga kambing, at tupa. Ngunit ngayo'y makaaakyat na siya; nasa ilalim na siya ng Dugo ng Panginoong Jesus. Sapagkat tumutugon lang sila sa Dugong iyon kapag dumating na Ito sa kapangyarihan. Noong dumating nga sa kapangyarihan ang Dugo ni Cristo, ang lahat ng mga nangamatay sa kabutihang-loob, ay nagsibangon, ganoon nga po, at pumaitaas sa Kaluwalhatian.

²⁰¹ Ngayon pakinggan n'yo.

Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel... (Pakinggan n'yo itong maigi)...na ginawa ng Dios itong si Jesus, na inyong... ipinako sa krus, na Panginoon at Cristo.

Anong masasabi n'yo ryan? Siya ba ang Ikatlong Katauhan ng trinidad, o Siya ba ang buong trinidad? Siya nga ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos, sa kahayagan ayon sa laman.

²⁰² Walang ganoong bagay na tatlong Diyos: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ni wala nga iyon sa Kasulatan, saanman dun. Wala iyon doon. Wala kang makikita saanman na inatasan tayong magbautismo, "Sa pangalan ng Ama, at sa pangalan ng Anak, at sa pangalan ng Espiritu Santo," walang ganon sa Mga Kasulatan. Ito'y kredo ng Katoliko, at hindi ito para sa iglesyang Protestante. Hinahamon ko kayong ipakita n'yo sa akin kahit isang Kasulatan lang kung saan mayroong nabautismuhan sa iba pang paraan liban sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Sige po, ipakita n'yo, at maglalagay ako ng karatula sa likod ko, "Isang mapagpaimbabaw, at bulaang propeta, isang bulaang tagapagturo," at paparada ako sa mga lansangan. Walang ganoong bagay. Walang sinuman ang nabautismuhan sa gayong paraan kailanman. Ito'y isang kredong Katoliko, at hindi isang doktrinang Protestante.

²⁰³ "Mateo 28:19," sasabihin n'yo, "Sinabi ni Jesus, 'Dahil dito magsiyaon nga kayo sa buong sanlibutan, gawin ninyong mga alagad ang mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.'" Tama 'yun.

Subalit hindi, "Sa pangalan ng Ama, pangalan ng Anak, pangalan ng Espiritu Santo." Sa *Pangalan* ng Ama, sa *Pangalan* (hindi mga pangalan), ng Ama . . .

Hindi pangalan ang *Ama*. Ilan ang nakaaalam nun? Ilan ama ang naririto? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Ilan mga anak ang naririto? Itaas n'yo ang inyong kamay. Ilan tao ang

naririto? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Buweno. Ngayon, ano ang pangalan n'yo? Hindi naman ama, anak, ni tao.

²⁰⁴ Isang babae ang nagsabi sa akin minsan, isang saradong naniniwala sa trinidad, sabi niya, “Kapatid na Branham, subalit ang Banal na Espiritu ay isang pangalan.”

²⁰⁵ Sabi ko, “Ang Banal na Espiritu ay hindi pangalan. Ang Banal na Espiritu ay kung ano nga Iyon. Iyon nga ang Espiritu Santo.” Hindi iyon pangalan; iyon ay kung ano nga Ito. Isa akong tao, pero hindi tao ang pangalan ko. William Branham ang pangalan ko. Kaya, kung Kanyang sinabi, “Dahil dito magsiyaon nga kayo, gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, sila nga’y inyong bautismuhan sa *Pangalan* ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.”

²⁰⁶ At si Pedro, pagkaraan ng sampung araw, kanyang sinabi, “Mangagsisi kayo!” Ngayon, heto na, pakinggan n'yo ito.

At nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan sa kanilang puso, at sinabi kay Pedro at . . . ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin?

At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, ang baw't isa sa inyo, at mangagbautismo sa pangalan ng Panginoong Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

²⁰⁷ Samakatuwid nakagawa ba si Pedro ng isang bagay na hindi inutos sa kanya ni Jesus? Hindi siya ang naguluhan. Tayo ang naguguluhan.

²⁰⁸ Sa Mga Gawa 2:38, nabautismuhan ang mga Hudyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, sa pamamagitan ng paglulubog.

Sa Mga Gawa, sa ika-8 kabanata, nalaman natin dun na humayo roon si Felipe at nangaral sa mga taga-Samaria, at binautismuhan sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ito ngang mga taga-Samaria.

Sa Mga Gawa 10:49, ipinag-utos ni Pedro sa mga Gentil na magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

²⁰⁹ Si Pablo, Mga Gawa 10:5, “Tinahak niya ang lupaing matataas ng Efeso, nakasumpong siya roon ng mga alagad.” Sila’y mga alagad na Baptist; sila nga, ang bawat isa sa kanila, mga Baptist. Naakay sila sa pananampalataya sa ilalim ng isang mangangaral na Baptist na ang pangalan ay—ay, ano po, Apolos. At isa nga siyang mangangaral na Baptist, “At pinatutunayan sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ay ang Cristo.”

Sinabi ni Pablo, “Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo’y magsisampalataya?”

210 Sabi nila, “Hindi man lamang namin nalalaman na may Espiritu Santo pala.”

211 Sabi, “Kung gayo’y sa papaanong paraan kayo nabautismuhan?”

212 Sabi nila, “Nabautismuhan kami ng siya ring lalaking nagbautismo kay Jesus, doon sa maliit na palatubigan sa dako roon. Sapat na iyon.”

213 Sabi ni Pablo, “Hindi na ’yan uubra ngayon. Kailangan na n’yong mabautismuhan, muli.” At inutusan sila ni Pablo na magpabautismo, muli, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Pinatungan sila ng kanyang mga kamay, at bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu. Tama. Siyanga, po.

Mangyayari na sa gabi ay magkakaroon ng
Liwanag,
Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong
masusumpungan;
Dito sa daang tubigan, na siyang Liwanag ng
kapanahunan,
Nailibing ka nang buong-buo sa minamahal na
Pangalang Jesucristo.
Kaya mga bata’t matanda, mangagsisi kayo sa
pagkakasala,
Tiyak na paparito lulukob ang Espiritu Santo;
Heto na ang Liwanag sa gabing magdamag,
Di maikakaila ang totoo na Iisa ang Diyos at si
Cristo.

214 Iyon ang sinabi ng Biblia. Tama ’yun. Ito na ang oras, ito’y panahon na kailangan na nating magsisi.

215 Sige po, sabihin n’yo lang kung handa na kayo, para mabautismuhan. At tayo’y... [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Handa na po kami.”—Pat.] Handa na ba? Buweno, hilain na n’yo ang tabing.

216 Ngayon, pagpalain nga kayo ng Panginoon ngayon, habang isinasagawa ng kapatid ang pagbabautismo. Nakikita n’yo po bang lahat mula diyan? [Nagbabautismo si Kapatid na Orman Neville ng mga mananampalataya—Pat.]



ANG AKLAT NG MGA HEBREO

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org